




## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?



Tayo ay naninirahan sa isang mundo kung saan, ang kaalaman ay nagbibigay ng kapangyarihan o lakas sa atin. Ang isang taong may kaalaman o nagtataglay ng makabuluhang impormasyon ay nakahihigit sa mga taong wala nito. Tayo ay nangangailangan ng mga impormasyon na makapagbibigay daan para sa isang marapat at produktibong pamumuhay. Hindi madali para sa atin ang malipon ang lahat ng impormasyon ating kakailanganin. Ngunit, maraming paraan kung saan ang mga impormasyong kakailanganin ay maaaring malipon. Ang mga impormasyong ito ay maaaring malipon sa pamamagitan ng mga babasahin, pagnood sa telebisyon, o sa pakikisalamuha sa ibang tao. Karamihan sa mga impormasyong ating nasasagap ay nagmumula sa pananalita. Isang magandang halimbawa nito ay ang pagtatanong ng direksyon ng isang lugar na ngayon lamang mapupuntahan o mabibisita.

Ang mga sinasalitang impormasyong nasasagap ay direkta mong malilipon. Maaaring ito ay narinig mo sa mga taong nag-uusap o napakikinggan sa radyo. Kahit sa anong paraan ng pananalita mo man nalipon ang isang impormasyon, mahalagang maunlad ang iyong kakayahan sa pakikinig upang lalo mong maintindihan at magamit ang mga impormasyong ito.

Ang matalinong pakikinig ay may pag-unawa. Nangangailangan ito ng masusing pag-unawa sa mga salitang matatanggap, bilang impormasyon. Sa pamamagitan ng ganitong pakikinig, maaaring mo ngayong magamit ang mga sinasalitang impormasyon sa pinaka-epektibong pamamaraan.

Ang modyul na ito ay makatutulong sa iyong pagiging isang matalinong taga-pakinig. Ito ay sa pamamagitan ng mga sinasalitang impormasyong malilipon. Ang aralin na ito ay nahahati sa apat na bahagi:

Aralin 1 – *Pag-Alam O Pag-Unawa Sa Tama At Makabuluhang Sinasalitang Impormasyon*

Aralin 2 – *Impormasyon: Makatotohanan Ba Ito o Isang Opinyon Lamang?*

Aralin 3 – *Paglikha ng Konklusyon at Hula*

Aralin 4 – *Kasunduan o Kasalungatan: Paggawa ng Desisyon*



## **Anu-ano ang mga Matutuhan Mo sa Modyul na ito?**

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, maaari mo nang:

- ◆ maulit ang mga tamang detalye ng mensahe, komentaryo o anunsyo na iyong narinig;
- ◆ masusing pag-aralan ang mga mensahe base sa katotohanan at sa kabuluhan ng mga ito;
- ◆ maihiwalay ang mga makatotohanang impormasyon mula sa isang opinyon lamang;
- ◆ makita ang mga di-supportadong impormasyon;
- ◆ malaman kung ang isang konklusyon ay lohikal o hindi;
- ◆ makita ang impormasyong pinagmumulan ng di-pagkakasunduan;
- ◆ maihambing at mapag-iba ang mga argumento sa isang diskusyon;
- ◆ mahulaan ang kalalabasan ng mga pangyayari.

Bago mo ipagpatuloy ang pag-aaral ng modyul na ito, siguraduhing may magagamit kang *audiotape player*. Alamin muna kung papaano mo ito magagamit. Ito’y iyong kakailanganin sa pag-aaral ng buong modyul na ito.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago ka mag-umpisa sa pag-aaral ng modyul na ito, gawin ang isang simpleng pagsusulit na ito upang ating mabatid kung hanggang saan ang iyong nalalaman.

A. Pakinggan ang *Tape Segment #1, Ang Bahay ng Lolo Ko*. Sa tulong ng iyong imahinasyon, isaisip ang bahay na tinutukoy sa iyong pakikinig. Siguraduhing maintindihan at maisa-ulo ang mga detalyeng iyong maririnig. Sagutan ang mga sumusunod na katanungan, pagkatapos ng iyong pakikinig.

1. Ano ang nilalaman ng bawat istorya?

---

---

2. Saan matatagpuan ang bahay?

---

---

3. Magbigay ng maikling diskripsyon ng bahay?

---

---

B. Muling pakinggan ang *tape*. Alamin ang paksa, pangunahing ideya at ang mga detalyeng sumusuporta dito. Maaaring ulit-ulitin ang iyong pakikinig sa *tape* upang mas lalo mong makuha ang mga impormasyong kakailanganin.

1. Paksa:

---

---

2. Pangunahing Ideya:

---

---

3. Mga Sumusuportang Detalye:

---

---

C. Ngayon, pakinggan ang *Tape Segment #2, Bumili ng Mariposa Laundry Bar*. Sagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Bibilhin mo ba ang Mariposa Laundry Bar pagkatapos mong mapakinggan ang patalastas?

---

---

2. Bakit? Bakit hindi?

---

---

3. Makatotohanan ba ang patalastas na iyong narinig o pawang nagsasabi lamang ng isang opinyon?

---

---

4. Bakit ganito ang iyong naisip?

---

---

D. Pakinggan naman natin ang *Tape Segment #3, Ang Pagdating Ni Tiyo Caloy*. Sagutan ang mga sumusunod na katanungan pagkatapos ng iyong pakikinig.

1. Ano ang iyong konklusyon mula sa iyong narinig? Ang iyong konklusyon ay maaaring tumukoy sa mga pangyayaring susunod o sa isang nararapat na gawain.

---

---

2. Ano sa tingin mo ang mangyayari kung sa pagdating ng Tiyo Caloy mo ay kanyang makitang magulo ang iyong kwarto?

---

---

3. Ang salitang **accuracy** o pagkawasto ay tumutukoy sa pagkakatama ng isang impormasyon. Kung marinig mo sa isang taong nagkomentong ikaw ay 20 anyos na, tama ba siya o hindi? Bakit? Bakit hindi?

---

---

4. Ang salitang *adequacy* o pagkasapat ay tumutukoy sa pagkakumpleto ng impormasyon. Halimbawa, ikaw ay naatasang bumisita sa iyong kaibigan sa San Pablo, Laguna sa unang pagkakataon. Ano pang kumpletong impormasyon ang dapat mong malaman upang maayos kang makarating sa pamamahay ng iyong kaibigan? Bakit? Bakit hindi?

---

---

5. Ang salitang *relevance* o pagkamakabuluhan ay tumutukoy sa mga impormasyong mahalaga at kapaki-pakinabang sa iyo. Halimbawa, narinig mo sa radyo ang tungkol sa isang kumpanyang nagbebenta ng isang epektibong produktong pampatubo ng buhok. Makabuluhan ba ang impormasyong ito sa iyo? Bakit? Bakit hindi?

---

---

6. Ang mga salitang *conflicting information* o magkasalungat na impormasyon ay tumutukoy sa mga impormasyong hindi napagkakasunduan o kumontra sa isang pang impormasyon. Halimbawa, narinig mo ang iyong kaklaseng nagkukwento ng tungkol sa isang 6 anyos na batang babae na nabuntis, maniniwala ka ba sa kanya agad o hindi? Bakit? Bakit hindi?

---

---

- E. Pakinggan ang *Tape Segment #4, Makatotohanan Ba o Isang Opinyon Lamang?* Pakinggan nang mabuti ang mga alituntunin. Pagkatapos ay sundin ang mga ipinagagawa ng mamamahayag sa *tape*.

1. \_\_\_\_\_

Bakit?

---

2. \_\_\_\_\_

Bakit?

---

3. \_\_\_\_\_

Bakit?

---

4. \_\_\_\_\_

Bakit?

---

Kumusta ang iyong mga sagot sa pagsasanay? Sa tingin mo ba ay nasagutan mong mabuti ang mga ito? Ihambing ang iyong kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 39–40. Kung lahat ng iyong sagot ay tama, napakagaling. Nagpapakita lamang na marami ka nang alam tungkol sa mga paksa sa modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul na ito upang pagbalik-aralan ang nalalaman mo na. Malay mo, magkakaroon ka pa ng mga bagong kaalaman.

Kung makakuha ka naman ng mababang iskor, huwag sasama ang iyong loob. Ibig sabihin, ang modyul na ito ay para sa iyo. Makatutulong ito upang maintindihan mo ang ilang mahalagang konsepto na maaari mong gamitin sa araw-araw. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, masasagutan mo nang tama ang lahat ng pagsasanay at higit pa! Handa ka na ba?

Buksan ang susunod na pahina para simulan ang Aralin 1.

# Pag-Unawa sa Wasto, Sapat, at Makabuluhang Sinasalitang Impormasyon

Naninirahan tayo sa isang mundong napaka-ingay. Sa ating pang-araw-araw na pamumuhay, nakaririnig tayo ng mga sinasalitang impormasyon kapag tayo'y nakikisalamuha sa ibang tao. Nakapagbibigay rin tayo ng impormasyon sa pamamagitan ng pagtugon. Ang pakikinig ay isang malaking bahagi ng ating buhay. Kaya't nararapat lamang nating matutunan kung papaano ang mag-isip at maging mapanuri habang tayo ay nakikinig.

Kapag tayo ay nakikinig upang maintindihan at malaman ang kahalagahan ng ating mga pinakikinggan, nasasanay ang ating kakayahang maging mapanuring taga-pakinig (*analytical listening*). At bagama't, araw-araw tayong nakakarinig ng mga sinasalitang impormasyon, mahalagang malaman natin kung papaano umunawa at sumuri ng mga impormasyong ating napakikinggan. Ang ganitong gawain ay makatulong sa ating pagdedesiyon. Hindi lahat ng mga impormasyong ating naririnig ay may katotohanan. Maaaring ang iba ay hindi wasto, hindi sapat, o walang kabuluhan.

Sa araling ito, matutunan mo kung papaano mo magagamit ang mga sinasalitang impormasyon sa pamamagitan ng pag-unawa at pagsuri ng mga ito. Pagkatapos ng araling ito, maaari mo nang:

- ◆ maulit nang wasto ang mga detalye ng mga mensahe, komentaryo at patalastas na iyong maririnig; at
- ◆ masuri ang mga impormasyon kung ito nga ay wasto, sapat, at makabuluhan.



## Pag-isipan Natin Ito

Naranasan mo na bang makinig na hindi umuunawa sa iyong pinakikinggan? May mga taong nagkukunwaring nakikinig lamang. Kapag ika'y ipinakilala ng iyong kaibigan sa isa pang bagong kaibigan, maaalala mo pa ba ang kanyang pangalan? Naranasan mo na bang mahuli sa isang tipanan dahil hindi mo narinig ang wasto o eksaktong oras ng pagtitipon? Kung ito man ay nangyari sa iyo, nararapat lamang na iyong pag-aralan ang araling ito upang ikaw ay maging isang matalinong taga-pakinig.



## Makinig Tayo

Pakinggan ang **Tape Segment #5, Ito si Mrs. Cruz**. Sundin ang direksyon ng mamahayag sa *tape*. Sagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Bakit ipinakilala si Mrs. Cruz?

---

---

2. Ano ang paksa o *subject* na kanyang ituturo?

---

---

3. May mga anak ba si Mrs. Cruz? Anu-ano ang kanilang mga pangalan?

---

---

4. Saan sila nag-aaral?

---

---

5. Gaano katagal siyang magtuturo sa klase?

---


---

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutang matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 40. Nakuha mo ba ang mga tamang kasagutan? Kung oo, ang ibig sabihin nito ay napakinggan at naintindihan mo nang mabuti ang iyong mga narinig. Kung hindi naman, pakinggan ang *tape* muli at itama ang iyong mga sagot.

Mahalaga ang maingat na pakikinig sa mga mensahe, komentaryo, at patalastas. Kapag naibigay mo ang mga detalye ng mga sinasalitang impormasyon, nangangahulugan lamang na iyong naintindihan at naalala ang iyong mga narinig. Ngunit minsan, may mga pagkakataong hindi natin nakukuha agad ang mga detalye. Maaaring, ang mamamahayag ay mabilis magsalita o may kahinaan ang kanyang boses kaya hindi mo masyadong maintindihan ang kanyang mga sinasabi. Kung ganito ang sitwasyon, maaari mong sabihan ang mamamahayag na ulitin ang kanyang mga sinabi. At sa pamamagitan nito, maaari mo nang marinig at maintindihan ang kanyang mga pahayag.



Nakatutulong ba sa iyo ang pag-ulit-ulit na pakikinig sa tape? Mas naiintindihan mo ba ang mga *passages* sa ganitong paraan? Maaari kang maging magalang sa pagsabi sa iyong mga kausap na ulitin ang kanilang mga sinasalitang impormasyon. Maaari mong pakiusapan ang iyong kausap na lakasan o bagalan ang kanilang pananalita upang sila'y iyong higit na maunawaan. Gayun pa man, siguraduhing makikinig ka nang mabuti sa susunod na pagkakataong sila'y muling makakausap. Hindi kagalang-galang ang isang pakiusap kung ito ay iyong uulitin nang maraming beses. Kung ikaw ay makikinig sa isang kausap, mahalagang tumutok sa kanyang mga sinasabi. Kung ikaw naman ay naguguluhan, hindi mo maririnig, maiintindihan, at maaalala ang mga impormasyong napakinggan.



## Subukan Natin Ito

Pakinggan ang *Tape Segment #6, Dumalo sa Handaan ni Anna*. Tumutok sa iyong pakikinig at sikaping matandaan ang mga detalye. Sundan ang mga direksyon ng mamamahayag sa *tape*. Pagkatapos ay sagutan ang sumusunod na katanungan.

1. Tungkol saan ang patalastas o anunsiyo?

---

---

2. Kailan at saan gaganapin ang handaan?

---

---

3. Papaano ka makapupunta sa bahay nina Anna para sa kanyang handaan?

---

---

4. Ano ang iyong isusuot patungo sa handaan?

---

---

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutan na matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 41. Nakuha mo ba ang lahat ng tamang sagot?



## Makinig Tayo

Sa unang bahagi ng araling ito, pakinggan ang *Tape Segment #7, Anunsiyo*. Tumutok sa mga sinalitang impormasyon. Sagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Wasto ba ang mga impormasyong iyong narinig sa *tape*? Para sa isang pahiwatig, pakinggan ang petsang itinakda para sa pagtitipon. Siyasatin ang petsa sa pamamagitan ng paggamit ng kalendaryong nasa ibaba. Naihayag ba ang wastong petsa?

---



---



---



---

J U L Y						
MON	TUE	WED	THU	FRI	SAT	SUN
	1	2	3	4	5	6
7	8	9	10	11	12	13
14	15	16	17	18	19	20
21	22	23	24	25	26	27
28	29	30	31			

2. Nailaan ba sa *tape* ang sapat na impormasyon? Maaari mong pakinggan ang *tape* muli. Anong impormasyon ang nawawala?

---



---

3. Makabuluhan ba ang patalastas o anunsiyo sa iyo? Kung ikaw ay hindi miyembro ng *glee club*, magiging makabuluhan pa rin ba ito sa iyo?

---



---


Ihambing ang iyong mga sagot sa aking mga sumusunod na kasagutan.

Ang wasto, sapat, at makabuluhang sinasalitang impormasyon ay mahalaga dahil ang ating mga desisyon at mga ikikilos ay dumidepende dito. Sa patalastas o anunsiyong iyong napakinggan, ang impormasyon ay hindi wasto dahil mali ang petsang inihayag. Ang petsa ng pagtitipon ay Hulyo 25 na natataon sa araw ng Biyernes at hindi Huwebes katulad ng sinabi ng mamamahayag. Ang impormasyon ay hindi rin sapat dahil hindi ibinanggit ang oras ng pagtitipon. Kung ikaw ay hindi miyembro ng *glee club*, ang patalastas o anunsiyo ay hindi magiging makabuluhan sa iyo. Maaari mo itong hindi pansinin, di-katulad ng isang miyembrong kabilang dito.



## Pag-Isipan Natin Ito

Ano ba ang nararapat gawin kung ang mga impormasyon ay nagkukulang sa pagkawasto, pagka-sapat, at pagka-makabuluhan? Kung ang bahagi ng impormasyon ay mahalaga, ano ang dapat gawin upang lalo mo itong maintindihan?



Kapaki-pakinabang ang isang impormasyon kung ito ay wasto, sapat, at makabuluhan sa atin. Upang malaman mo kung ang isang impormasyon ay nagtataglay ng ganitong mga katangian, dapat lamang na ito ay tama, kumpleto, at kapaki-pakinabang sa iyo.



## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Pakinggan nang mabuti ang *Tape Segment #8, Mabilisang Pag-uulat*. Siguraduhing maiintindihan mo at maaalala ang mga detalye ng patalastas o anunsiyo. Maaari mo ring pakinggan muli ang *tape* nang isa pang beses. Pagkatapos makinig, sagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Tungkol saan ang patalastas o anunsiyo?

---



---

2. Sino ang lumikha ng patalastas o anunsiyo?

---



---

3. Anu-ano ang mga inihayag na mungkahi para sa paghanda ng bagyong darating?

---



---

4. Wasto, sapat at makabuluhan ba ang patalastas o anunsiyo?

---




---

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutan na matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 41. Nakuha mo ba ang lahat ng tamang sagot? Kung oo, maaaring nakinig ka nang mabuti at naitindihan mo nang husto ang iyong mga napakinggan. Kung hindi naman, pakinggan muli ang *tape* at itama ang iyong mga sagot.



## Tandaan Natin


1. Ang ibig sabihin ng matalinong pakikinig ay ang pag-uunawa, pag-ala-ala, at paggamit ng mga sinalitang impormasyong napakinggan. Ang ganitong pakikinig ay nangangailangan ng pagtutok at konsentrasyon.



Kung ang sinasalitang impormasyon ay nagkukulang sa pagiging wasto, sapat, at makabuluhan nito, magtanong pa ng karagdagang impormasyon o paglililaw. Magtanong sa mamamahayag ng mga detalye o makiusap sa kanya na linawin ang kanyang pananalita.

2. Kung kinakailangang makiusap sa namamahayag na ulitin ang kanyang mga sinasabi, maaaring mo itong gawin. Ngunit, iwasang makiusap nang maraming beses. Ito ay isang hindi magalang na gawain para sa iyong kausap.
3. Ang pagka-wasto ng isang sinasalitang impormasyon ay tumutukoy sa pagiging tama nito. Ang pagka-sapat naman ay tumutukoy sa pagiging kumpleto nito. At ang pagka-makabuluhan ay tumutukoy naman sa pagiging kapaki-pakinabang o mahalaga nito. Upang ang isang sinasalitang impormasyon ay maging kapaki-pakinabang, kailangan nitong magtaglay ng tatlong nasabing katangian. Kapag pinakikinggan ang isang sinasalitang impormasyon, huwag kalimutang siyasatin kung nagtataglay nga ito ng mga nasabing katangian.

# Impormasyon: Makatotohanan Ba Ito o Isang Opinyon Lamang?



Ano ang pinakahuling balita na iyong narinig sa radyo o telebisyon? Anong tsismis ang umiikot sa inyong kumunidad ngayon? Pagkatapos mong maintindihan ang iyong mga narinig, karaniwan ba’y naniniwala ka o tinatanggap na ito’y totoo? Ang isang mapanuring taga-pakinig ay naghahanap ng paraan upang kanyang malaman kung ang mga impormasyong kanyang mga natanggap ay totoo. Kung hindi naman, kahit papaano ay ito’y makatuwiran. Ang matalinong pakikinig ay tumutukoy sa pagsuri ng lahat na mapapakinggan.

Pagkatapos ng araling ito, maaari mo nang:

- ◆ makita ang kaibahan ng isang impormasyong may katotohanan sa isang opinyon lamang;
- ◆ makilala ang mga di-suportadong pangkalahatan at kalabisan sa isang impormasyon;
- ◆ malaman kung ang isang konklusyon ay lohikal o hindi.



## Pag-isipan Natin Ito

Madalas ka bang makarinig ng mga tsismis? Ang tsismis ay mga bulung-bulungan o mga balitang kumakalat. Ito’y karaniwang binubuo ng mga makatas na impormasyon tungkol sa ibang tao at kadalasan ay hindi ito maganda. Ang tsismis ay kinakailangang suriin katulad na rin ng ibang impormasyon. Kung iyong maririnig na ang iyong kapitbahay na *teenager* na walang asawa ay buntis, maniniwala ka ba agad sa balitang ito?

---

---

---

Ang mga tsismis o mga balitang kumakalat ay karaniwang nagbibigay-sigla sa tao. Ngunit karamihan sa mga balitang ito ay kalahati lamang ang totoo o kadalasan ay di-makatotohanan. Ihambing ang iyong sagot sa aking mga kasagutan.

Kung ako ang makaririnig ng ganoong balita, maaari kong tanungin nang direkta ang aking kapitbahay upang aking malaman kung totoo ang balita o hindi. Mas madali ko siyang matanong lalo na kung malapit kami sa isa’t isa. Maaari rin akong lumipon pa ng iba impormasyon sa pamamagitan ng pagmasid upang maiwasan ang pagkalat ng mga balitang hindi kanais-nais.

Sa unang aralin, natutuhan mong makinig nang mabuti at tuluyang maintindihan ang mga sinasalitang impormasyon. Natutuhan mo rin na ang isang sinasalitang impormasyon ay kinakailangang masuri base sa pagka-wasto, pagka-sapat, at pagka-makabuluhan nito.

Papaano mo ngayon masasabi kung ang isang tsismis o balita ay totoo o hindi? Ang pag-kumpirma sa isang bahagi ng impormasyon ay hindi madaling gawin. Gayun pa man, mahalaga ito dahil maaari itong maka-apekto ng buhay ng isang tao.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Pakinggan ang *Tape Segment #9, Subukan ang Magic Pill—Ang Bagong Produktong Pampapayat*. Pagkatapos ay sagutan ang mga sumusunod.

1. Nais mo bang subukan ang bagong produktong pampapayat?

---

---

2. Bakit? Bakit hindi?

---

---

3. Ang ganitong impormasyon ba ay may katotohanan o pawang isang opinyon lamang?

---

---


4. Bakit ganito ang iyong naisip?

---


---

Ihambing ang iyong mga sagot sa aking mga sumusunod na kasagutan.

Ang patalastas o anunsiyong iyong napakinggan ay may layuning magbenta ng produkto. Ang mga kumpanyang nag-aanunsiyo ay karaniwang nagbibigay ng mga hindi totoong sinasalitang impormasyon para lamang makumbinsi kang bumili ng kanilang produktong inaalok sa iyo. Pagkatapos ko mapakinggan ang anunsiyo tungkol sa produktong pampapayat, hindi ako nakumbinsing subukan ito. Ang mga sinasabi sa anunsiyo ay walang basehan sa aktual na pag-aaral na magpapatunay na ito’y tunay na epektibo. Mas makikilala mo ito sa pagiging isang opinyon kaysa sa isang makatotohanang impormasyon.




Halimbawang may isang taong magsabi sa iyo na may karamdaman ang iyong pinsan. Maniniwala ka ba agad sa taong ito? Bibisitahin mo ba agad ang iyong pinsang sinabing maysakit o magtatanong ka sa iyong mga kamag-anak kung totoo ang balitang ito o hindi? Kapag ito ay iyong ginawa, nangangahulugan lamang na ikaw ay naghahanap ng mga sumusuportang detalye na magsasabi kung ang balita ay tama o mali. Ito ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng direktang pagmamasid, at mga mapagkakatiwalaang salaysay o pangangatwiran.



Kung halimbawang nagdesisyon kang bisitahin ang iyong pinsan, maaari mong kunin ang kanyang temperatura (grado ng init ng katawan) upang malaman kung siya nga ay maysakit o wala. Ang paraan na ito ay tinatawag na *direktang pagmamasid*. Kung ikaw naman ay magtatanong sa iyong mga kamag-anak ng tungkol sa kondisyon ng iyong pinsan, ikaw naman ay naghahanap ng mga *mapagkakatiwalaang salaysay* o pangangatwiran. Ang mga salaysay na ito ay makukuha sa mga taong nakapagmasid ng mga pangyayari o ng ibang tao. Sa ganitong sitwasyon na karamihan ng pamilya ay nakatira sa iisang bubong, ang bawat miyembro ay maaaring pagmulan ng mga mapagkakatiwalaang salaysay o pangangatwiran.

Ang impormasyong may pinagbabasehan ay karaniwang makatotohanan at maaaring mapatunayang mapagkakatiwalaan. Ang balita tungkol sa pagkakasakit ng iyong pinsan ay maaaring totoo kung malalaman mo ito sa iyong pagbisita at pagkumpirma sa iyong mga kamag-anakan.



Ang impormasyon naman na base sa nararandaman at pinaniniwalaan ng isang tao na pa-iba-iba at hindi mapatunayang totoo ay tinatawag na *kurukuro* o *opinyon*.

Hindi lahat ng kurukuro o opinyon ay makatotohanan. Halimbawa, ang produktong pampapayat ay maaari lamang maging makatotohanan kung ang mga taong gumagamit nito ay tuluyan ngang nabawasan ang kanilang timbang. Kung hindi naman, ang mga pangungusap ng mamamahayag ng anunsiyo o patalastas ay nagbabahagi lamang ng kanyang kurukuro o opinyon.





## Makinig Tayo

Pakinggan ang **Tape Segment #10, Ang Pagtaas Ng Pamasahe Sa Jeep.** Pagkatapos ng iyong pakikinig, sagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Tungkol saan ang madaliang pag-uulat o *news flash*?

---

---

2. Ito ba'y makatotohanan o isang opinyon lamang?

---

---

3. Bakit ganito ang iyong naisip?

---

---

Ihambing ang iyong mga sagot sa aking mga sumusunod na kasagutan.

Ang madaliang pag-uulat o *news flash* ay tungkol sa darating na pagtaas ng pasahe sa *jeepney*. Mula sa halagang ₱3.00, ito ay itataas ng ₱4.00 dahil sa pagtaas din ng gasolina. Ang balita ay makatotohanan. Ang mga tao sa likod ng media ay may responsibilidad na alamin muna kung ang isang istorya ay makatotohanan, bago nila ito inihahayag sa mga tao. Karaniwan ay kumukuha sila ng mga impormasyon mula sa mga aktwal na pinagmulan. Sa ganitong paraan, ang ulat na inihayag ay nagmumula sa *Energy Regulatory Board*.

Ngayon, pakinggan ang **Tape Segment #11, Isang Movie Star, Pinaghinalaang Sangkot sa Paggamit Ng Droga, Hindi Nakadalo sa Kanyang Movie Taping.** Sagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Tungkol saan ang balita?

---

---

2. Ito ba ay makatotohanan o isang opinyon lamang?

---

---

3. Bakit ganito ang iyong naisip? Anu-anong mga salitang nagmumungkahi na ang balita ay base sa isang opinyon lamang?

---

---

Ihambing ang iyong mga sagot sa aking mga sumusunod na kasagutan.

Maliwanag na ang ulat ay nababase sa isang opinyon lamang. Ang paggamit ng salitang “*suspected*” (*pinaghinalaan*) ay nagpapahiwatig na hindi pa makumpirma ang impormasyon, kung ito man ay totoo o hindi. Ang paksa ng mga balitang tungkol sa mga artista ay kadalasang lumalabis upang magbigay-sigla sa mga taga-pakinig. Ang artista ay maaari ring magkaroon ng kanyang sariling dahilan kung kaya’t hindi siya nakadalo sa *movie taping*. Maaaring siya ay nagkasakit o mayroong lamang nakaraang gawaing hindi niya maiwasan.

Basahin at suriin ang mga sumusunod na pangungusap. Alin kaya sa kanila ang makatotohanan?

1. Ang pampayat na gamot na ito ay tutulungan kang makapagbawas ng 50 lbs. sa loob ng isang buwan. Subukan!
2. Lahat ng Pilipino ay kinagigiliwan ang panonood ng pelikula.
3. Kung ang *Petals Beauty Lotion* ay maganda para sa iyo, maganda rin ito sa *baby* mo!
4. Ang pagsali mo sa *sweepstakes* na ito ang magbibigay daan para ka maging isang milyonaryo.
5. Dahil si Father Santos ay isang pari, hindi siya makagagawa ng krimen.

Naniwala ka ba agad sa lahat ng mga pangungusap na iyong nabasa? Kung oo, maaaring magka-problema ka. Pag-aralan natin ang bawat pangungusap. Sagutan ang mga sumusunod na tanong ng bawat pangungusap.

1. Ang pampayat na gamot na ito ay tutulungan kang makapagbawas ng 50 lbs. sa loob ng isang buwan. Subukan!

Posible bang makapagbawas ang isang tao ng 50 lbs. sa loob ng isang buwan?

---

Kung ito nga ay posible, magiging maganda ba ito sa iyong kalusugan?

---

Ang pangunahing pangungusap na ito ay may kalabisan. Inihahayag na ang pampapayat na gamot na ito ay maaaring makapagbawas ng 50 lbs. sa timbang ng isang tao, sa loob ng isang buwan. Hindi ito posible at maaari lamang mapahamak ang iyong kalusugan kung ito’y iyong iinumina.

2. Lahat ng Pilipino ay kinagigiliwang manood ng pelikula.

May kilala ka bang hindi kinagigiliwan ang pagnood ng pelikula?

---

Siya ba ay tunay na Pilipino o hindi? \_\_\_\_\_

Ang pangungusap na ito ay isang halimbawa ng di-suportadong konklusyon. Hindi lahat ng Pilipino ay kinagigiliwan ang pagnood ng pelikula. Ang iba sa kanila ay mas gugustuhin pang manatili sa kanilang pamamahay at magbasa na lamang.

3. Kung ang *Petals Beauty Lotion* ay maganda para sa iyo, maganda rin ito sa *baby* mo!

Makasasama kaya ang *Petals Beauty Lotion* sa isang sanggol?

---

Paano? \_\_\_\_\_

Ang pangungusap na ito ay isa ring halimbawa ng di-suportadong konklusyon. Ang lotion ay may mga kemikal na maaaring hindi makasama sa balat ng nakatatanda ngunit, maaaring makasama sa sensitibong balat ng isang sanggol.

4. Ang pagsali sa *sweepstakes* na ito ang magbibigay daan para maging isa kang milyonaryo.

Posible ba ang pangungusap na ito? \_\_\_\_\_

Bakit? Bakit hindi? \_\_\_\_\_

Hindi makatotohanan, na ang lahat ng taong sumasali sa *sweepstakes* o *raffle* ay mananalo. Ilan lamang ang maaaring manalo sa *raffle draws*. Ang pangungusap na ito ay may kalabisan. Isa rin itong halimbawa ng di-suportadong konklusyon.

5. Dahil si Father Santos ay isang pari, hindi siya makagagawa ng krimen.

Totoo ba na ang lahat ng pari ay hindi makagagawa ng krimen?

---

Bakit? Bakit hindi? \_\_\_\_\_

Ang pangungusap na ito ay isa pang halimbawa ng di-suportadong konklusyon. May mga pari na maaaring makagawa ng krimen at mayroon na ring mga nakagawa nito noon.

Ang *di-suportadong konklusyon* ay napapairal sa kung anong totoo sa isang tao o sa isang bagay. Ang *kalabisan* naman sa isang impormasyon ay nagsasaad ng karagdagan sa kung ano ang totoo. Napag-aralan mo na ang ibang halimbawa nito sa mga nakaraang aralin. Kapag nakatanggap ka ng mga sinasalitang impormasyon, mahalagang suriin kung ano ang totoo. Kaya mo na bang kilalanin ang mga di-suportadong konklusyon o mga kalabisan sa impormasyong matatanggap?



## Subukan Natin Ito

- A. Bilugan ang numero ng mga pangungusap na may kalabisan at lagyan ng linya ang mga may di-suportadong konklusyon.
1. Isa akong Kristiyano kaya't sinisunod ko ang lahat ng turo sa Kristiyanismo.
  2. Ako ang pinakamagaling na basketbolista sa buong mundo.
  3. Subukan itong bagong panlaba. Nakalilinis ito ng mga damit na hindi na kailangang pang kusutin!
  4. Lahat ng kalalakihan ay malakas.
  5. Ang mga kababaihan ay kailangang manatili sa bahay dahil mas mahina sila sa mga kalalakihan.
  6. Pagagandahin ng *shampoo* na ito ang inyong buhok sa loob lang ng tatlong araw!
- B. Pakinggan ang Tape Segment #12, Ang Mga Pagsabog sa Metro Manila. Pagkatapos ay sagutan ang mga sumusunod na katanungan.
1. Tungkol saan ang ulat?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
  2. Ano ang iyong konklusyon mula sa naiulat?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
  3. Ano ang balak mong gawin pagkatapos mapakinggan ang naiulat?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_


4. Napag-desisyunan ng kaibigan mong huwag nang pumasok sa eskwelahan dahil natatakot siya sa mga pagsabog. Ano ang sasabihin mo sa kanya?

---

---

Ihambing ang iyong mga sagot sa A mula sa mga kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 41. Pagkatapos ay basahin ang aking mga kasagutan sa B upang siyasatin ang iyong mga sagot dito.

Ang iniulat ay tungkol sa mga nagaganap na pagsabog sa mga pampublikong lugar sa Metro Manila. Nararapat lamang na lumikha ng konklusyong tayo ay dapat maging maingat lalung-lalo na sa pagpunta sa mga pampublikong lugar. Gayun pa man, ang konklusyon ng iyong kaibigan, pagkatapos niyang marinig ang ulat, ay hindi lohikal.



Ang konklusyon ng iyong kaibigan ay di-suportado. Para sa kanya, isinama at itinuring niya ang kanyang paaralan bilang isa sa mga lugar na hindi ligtas sa mga pagsabog. Sa tingin ko, may kalabisan ang kanyang pag-iisip sa mga bagay na ito o maari rin namang ayaw niyang pumasok sa klase.

Dapat pa rin siyang pumasok sa kanyang mga klase nang may pag-iingat sapagka't ang di niya pagpasok ay hindi rin naman makatutulong o makalulutas sa ganitong problema.



### Pag-Isipan Natin Ito

Halimbawang may kaibigan kang nagsabi sa iyo na tumawag ang iyong ama sa inyong *Instructional Manager* at pinauwi ka sa inyong bahay. Papaano mo malalamang totoo ito? Isulat ang mga sunud-sunod na hakbang na iyong gagawin.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

Ihambing ang iyong mga sagot sa aking mga sumusunod na kasagutan.

1. Tatawagan ko ang aking ama upang makumpirma ko ang impormasyon.
2. Tatanungin ko ang *Instructional Manager* na kinausap ng ama ko.
3. Tatanungin ko ang aking kaibigan kung papaano niya nakuha ang impormasyon.

Ang pagtanong sa iyong ama tungkol sa impormasyon ang nararapat na unahing gawin. Natutuhan mo na ang direktang pagmamasid ang pinaka-magandang paraan ng pagkumpirma ng impormasyon. Ang pakikipag-usap naman sa *Instructional Manager* ay maaari ring makapagbigay ng mapagkakatiwalaang salaysay dahil siya ang nakausap ng iyong ama. Ang pagtatanong naman sa iyong kaibigan ay isa ring paraan ng pagsusuri ng kanyang mga pangungusap kung ito nga ay lohikal at suportado. Ang mga gawaing ito ay magbibigay daan sa isang lohikal na impormasyon.

Hindi lahat ng impormasyong ating naririnig sa ibang tao o sa media ay may katotohanan o lohikal.

Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at konklusyon. Makatutulong kung ito ay pag-uusapan mo kasama ang iyong kaibigan. Alamin kung bakit ang mga pangungusap na ito ay hindi lohikal.

1. Maging tunay na lalaki. Uminom ng Sikat beer.

**Konklusyon:** Kailangan kong uminom ng Sikat beer kung gusto kong maging tunay na lalaki.

2. Namataan si Mr. Cruz na may kausap siyang mga mapanuhol na opisyal.

**Konklusyon:**Mapanuhol din si Mr. Cruz.

3. Kumakain lamang ng isda ang aking Lolo. Iniiwasan niyang magkakain ng karne. Nabuhay siya ng 100 taon.


**Konklusyon:**Hindi ako kakain ng karne para mabuhay ako nang matagal.

4. Ang kapatid kong babae ay iniwan ng kanyang asawa. Ang kapatid ko namang lalaki ay kamakailan lamang nakipaghiwalay.

**Konklusyon:** Hindi na ako mag-aasawa dahil hindi naman ito nagtatagal.

5. Nasagutan ko ng tama ang lahat ng tanong sa pagsusulit namin sa araw na ito.

**Konklusyon:** Makukuha kong muli ang lahat ng tamang sagot sa pagsusulit bukas.



Ang unang pangungusap ay hindi lohikal sapagka't ang tunay na pagkalalaki ay hindi nakikita o nasusukat sa kung ano ang iniinon nito. Ito ay nasusukat sa kung papaano siya kumilos bilang tao. Ang mga pangalawa, pangatlo, pang-apat, at panglimang pangungusap naman ay halimbawa ng *mabilisang paglikha ng konklusyon*. Hindi sapat ang isang beses na pagmamasid upang makumpirma ang isang impormasyon. Maaring mapanuhol o hindi si Mr. Cruz. Maaaring ang iyong lolo ay namumuhay nang malusog kaya niya inabot ang ganoong edad. May mga pag-aasawang nagtatagal naman. Ang pagkuha ng mataas na marka ngayon ay hindi nangangahulugang makukuha mo ito muli bukas.

Marami ka pang maririnig o mababasang mga balitang walang katotohanan sa bawat araw. Makatatanggap ka ng mga di-wasto o di-lohikal na mga impormasyon kung kaya't kinakailangan mong magbigay ng panahong sa pagsuri ng mga impormasyong iyong natatanggap bago mo ito ipamahagi sa iba.



## Alamin Natin ang Iyong Mga Natutuhan

Pakinggan ang *Tape Segment #13, Gawin Ito*. Habang ikaw ay nakikinig, suriin ang bawat bahagi ng sinasalitang impormasyon. Alamin ang pagka-wasto o pagka-lohikal ng mga sumusunod na pangungusap. Ang unang pangungusap ay magsisilbing halimbawa sa iyong pagsagot.

1. Lahat ng Pilipino ay mahusay na mang-aawit. Ako ay Pilipino. Mahusay akong mang-aawit.

*Maaring may katotohanan ito at katwiran. Hindi lahat ng Pilipino ay mahusay na mang-aawit ngunit mayroong mga ilan lamang.*

2. Mabigat ang aking timbang. Tinimbang ko ang aking sarili at nalaman kong sobra ang aking bigat ng mga 20 lbs.

---

---

3. Laging nahuhuli ang aking guro sa klase. Mahuhuli na naman siya bukas.

---

---

4. Narinig ko na nais ni Nonoy maging pari. Ang ibig sabihin nito ay nais niyang magsilbi sa simbahan.

---

---

5. Maraming anak ang mag-asawa. Marami siguro silang problema sa pag-aalaga ng kanilang mga anak.

---

---

Ihambing ang inyong mga sagot sa mga kasagutan na matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 41.



## Tandaan Natin

- ◆ Ang mga impormasyong may katotohanan ay base sa mga pangunahing impormasyon o sa mga mapagkakatiwalaang pinagmulan. Ang mga balitang iniulat ay magiging makatotohanan kung ito ay mula sa mga pinagkakatiwalaan at hindi bastang narinig lamang. Ang opinyon naman ay maaring hindi suportado ng mga mapagkakatiwalaang pinagmulan.
- ◆ Upang malaman ang katotohanan sa likod ng isang sinasalitang impormasyon, mahalaga ang pagsusuri kung ito nga ay totoo o hindi. Ito ay magagawa sa pamamagitan ng *direktang pagmamasid o paglipon ng mga mapagkakatiwalaang salaysay o sa pag-aaral ng mga impormasyong lohikal at suportado*.
- ◆ Ang mga di-suportadong konklusyon o kalabisan naman ay nagmumula sa mga walang-basehang impormasyon na maaaring makagulo sa mga taga-pakinig at mambabasa. Hanggang wala kang ibang impormasyon na susuporta dito, huwag maniniwala agad. Siyasatin ang kanilang pagiging wasto at totoo.
- ◆ Ang mga konklusyon na base sa sinasalitang impormasyon ay nararapat na lohikal. Ito ay maaaring matamo sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga sinasalitang impormasyon at pagpapatunay sa pamamagitan ng pagkuha ng mga totoong impormasyon mula sa mga pinagkakatiwalaang pinagmulan.



## Paggawa ng Konklusyon at Hula

Ang isang bahagi ng impormasyon ay hindi kaagad magpapatid ng kung ano ang gusto nitong patunayan o ipaliwanag. May mga pagkakataon na ang pangunahing ideya ng impormasyon ay naiiba sa kung ano ang tunay na ipinabatid nito. Sa ganitong pagkakataon, kinakailangan mong mapag-aralan ang mga detalye ng impormasyon upang mahuli mo ang mga puntong hindi naman naihayag. Ang prosesong ito ay tinatawag na *paglikha ng konklusyon*. Ang paglikha ng konklusyon ay mahalaga dahil ang iyong desisyon at ikikilos ay nakasalalay dito.

Pagkatapos ng araling ito, maaari kang:

- ◆ makagawa ng konklusyon base sa sinasalitang impormasyon; at
- ◆ manghula ng maaaring kalalabasan ng mga pangyayari.



### Pag-isipan Natin Ito

Halimbawang may isang taong nagsabi sa iyo na ang iyong kaibigan ay nagsusuot na ngayon ng singsing na pangkasal sa kanyang kanang daliri. Ano ang iyong konklusyon? Ang *konklusyon* ay isang opinyon na base sa kung anong makukuhang impormasyon. Madali ka nang makalikha ng konklusyon na ang iyong kaibigan ay kasal na ngayon, hindi ba? Paano ang impormasyon na ito nakaapekto sa iyo kung sakaling may paghanga ka sa kaibigan mo? Maaaring hindi maganda ang balitang ito para sa iyo!

Halimbawa naman na narinig mo ang tungkol sa iyong mga kapitbahay na nakasuot ng mga magagandang damit, patungong plaza. Maaaring ang konklusyon na iyong nilikha ay may isang espesyal na pagtitipon doon, hindi ba? Gayun pa man, gagawa ka ng mga konklusyon base sa mga impormasyong iyong matatanggap.



### Subukan Natin Ito

Lahat tayo ay lumilikha ng konklusyon sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. Ginagawa natin ito nang madalas na hindi nag-iisip. Maaaring hindi natin ito napapansin ngunit lumilikha tayo ng mga konklusyon base sa kung ano ang ating maririnig.

Kung ang iyong kaklase ay hindi nakakuha ng pasadong grado sa inyong pagsusulit, ano ang iyong konklusyon? Isulat ang mga ito sa sumusunod na puwang.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

May kahirapan bang lumikha ng mga konklusyon? Pag-aralan ang mga sumusunod na konklusyon.

1. Maaaring hindi siya nag-aral nang mabuti.
2. Maaaring siya ay maysakit.
3. Maaaring hindi niya masyadong naintindihan ang aralin.
4. Maaaring hindi niya nalalaman ang tungkol sa pagsusulit.
5. Maaaring hindi siya interesado sa paksa ng aralin.
6. Maaaring mahirap ang pagsusulit.


Alam mo ba na maraming konklusyon ang maaaring mong malikha mula sa iisang pangungusap lamang? At maaaring ang iba nito ay totoo. Papaano mo ngayon mapatutunayan kung totoo man ang mga ito? Ang isang magandang paraan upang makumpirma kung tama ang isang konklusyon ay sa pamamagitan ng pagtanong sa taong may kinalaman. Sa ganitong paraan, makukuha mo ang mga pangunahing impormasyon.



Gayun pa man, hindi ganoon kadali ang magtanong nang direktso sa taong ito. Kaya't nararapat lamang na mag-ingat sa paggawa ng mga konklusyon base sa mga impormasyong naririnig mo lamang.

Halimbawa namang sinabi ng iyong kaibigan na kaya hindi siya nakapasa sa pagsusulit ay dahil hindi niya masyadong naintindihan ang aralin. Ano ang iyong gagawin? Tutulongan mo ba siya? Kung sapat ang iyong nalalaman sa inyong aralin, makabubuting tulungan mo siya. Maaari mo rin namang siyang payuhan na kumunsulta sa inyong guro o dumalo sa isang *tutorial lesson*.

Pero kung sasabihin niyang...



Maaari mo siyang payuhan na mag-aral siya sa mas maagang panahon para hindi siya magmadali nang ganito.

Ang gawaing ito ay nagsasaad na maaari tayong makagawa ng maraming konklusyon base sa isang pangungusap lamang. Ngunit, kinakailangan lamang nating maging maingat sa paggawa ng konklusyon dahil dito natin malalaman kung ano ang ating sasabihin at gagawin sa susunod. Ang magandang paraan ng pagkumpirma kung tama ang ating konklusyon ay ang pagtatanong sa mga taong may kinalaman. Gayun pa man, hindi ito parating posible.

Tingnan natin ang halimbawang ito. Pakinggan ang *Tape Segment #14, Ang Payo Ng Ama*. Pagkatapos ay sagutan ang mga sumusunod.

Ano ang iyong konklusyon sa iyong napakinggan? Isulat ang mga ito sa sumusunod na puwang.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

Ihambing ang iyong mga sagot sa aking mga sumusunod na kasagutan.

1. Nangangamba ang ama na mawalan siya ng trabaho sa lalong madaling panahon.
2. Kinakailangan ng pamilyang maghanda sa ganitong pangyayari.
3. Kinakailangan ng pamilyang magbawas ng gagastusin upang makaipon.

Magkapareho ba tayo ng mga konklusyong ginawa? Okay lang kung ang iyong mga nilikhang konklusyon ay hindi ganoong kapareho nang sa akin. Ang tao ay maaaring makalikha ng mga konklusyon base sa kanilang mga karanasan sa buhay.




## Pag-Aralan at Suriin Natin Ito

Iyong natutuhan ang paggawa ng mga konklusyon. Maliban sa pagpili ng mga salita, ang tono ng boses ay kailangan din bigyan ng pansin sa paggawa ng mga konklusyon. Sa pagsusuri ng mga binabanggit na salita, hindi lamang natin pinakikinggan ang mga salitang ito kung hindi, pati na rin kung papaano ito binigkas.

Pakinggan ang *Tape Segment #15, Binabati Kita!* Pagkatapos ay sagutan ang mga sumusunod.

Ang tinig ba ng ating mamamahayag ay masaya o matapat? Ano ang konklusyon mo sa kanyang mga pangungusap? Ang tinig ng ating mamamahayag ay hindi masaya. Mas masasabi pa nating siya'y malungkot at balisa. Kung ganoon, ano ang iyong sasabihin at susunod na gagawin?

Ihambing ang iyong sagot sa aking mga sumusunod na kasagutan.




Kakausapin ko siya. Tatanungin ko kung bakit tila hindi masaya ang kanyang tinig para sa akin. Itatanong ko rin kung mayroon ba siyang ikinababalisa. Siguro, maaari ko rin namang ipaliwanag ang aking panig.



## Subukan Natin Ito

Kumausap ng isang kaibigan o kaklase. Subukang humiram ng kapisasong papel or lapis sa kanya. Siguraduhin lamang na ang iyong tinig na gagamitin ay may pagka-mataas at may pagmamadali. Magmasid kung ano ang kanyang reaksiyon. Nagpahiram ba siya sa iyo pagkatapos mong gumamit ng tinig na may pagka-mataas? Ngayon naman, uliting manghiram at gumamit ng magalang at mapagkaibigang tinig. Ano naman ang kanyang reaksiyon sa ganitong pagkakataon.

Siguraduhing ipaliwanag sa iyong kausap kung ano at bakit mo ito ginawa. Magtanong pa sa kanya ng mga impormasyon at reaksiyon.



Ang tao ay lumilikha ng mga konklusyon base hindi lamang sa mga salitang kaniyang narinig kung hindi na rin sa pamamaraang paano ito binigkas. Naghahanap tayo ng kasunduan ng mga salita at ang paraan kung papaano ito binigkas. Nararapat lamang na may kasunduan ang dalawang ito. Kung wala naman, hindi tayo maniniwala sa ating mga narinig at hindi tayo kikiilos ayon sa ating mga napakinggan.

Kung minsan, ang kapisasong impormasyon ay naghahayag ng istorya o ng isang proseso. Base dito, maaari mong mahulaan ang mga susunod na pangyayari.



## Pag-Isipan Natin Ito

Naranasan mo na bang manghula? Mahusay ka ba dito?

Pakinggan ang **Tape Segment #16, Tag-Ulan**. Ilagay sa iyong imahinasyon kung ano ang inihahayag habang ikaw ay nakikinig sa *tape*. Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod.

1. Kung ang langit ay dumilim at maging maularap, at nakarinig ka ng mga kulog, ano ang karaniwang susunod na mangyayari?

---

---

2. Kapag umuulan, ano pang ibang hulang iyong malilikha?

---

---

Ihambing ang iyong mga sagot sa aking sumusunod na kasagutan.

Ang ulan ay karaniwang pumapatak kapag ang langit ay dumidilim at kapag nakaririnig ka ng mga kulog.

Ang mga tao ay karaniwang nagdadala ng payong upang hindi sila mabasa kung mapansin nila ang langit ay dumidilim at nakaririnig sila ng mga pagkulog. Trapiko at pagbaha ang karaniwang resulta ng malakas na pag-ulan.

Makinig sa **Tape Segment #17, Drama sa Radyo**. Pagkatapos ay sagutan ang mga sumusunod. Hulaan ang mga tagpuang inihayag sa *tape*.

---

---

Kumpirmahin ang iyong mga hula sa pamamagitan ng pakikinig sa **Tape Segment #18, Drama...Ipinagpatuloy**. Tama ba ang iyong mga hula?



## Alamin Natin ang Iyong Mga Natutuhan

Makinig sa *Tape Segment #19, Gawin Ito*. Pagkatapos ay lumikha ng mga konklusyon sa bawat pangungusap na iyong maririnig.

1. Pangungusap # 1

- a. \_\_\_\_\_
- b. \_\_\_\_\_
- c. \_\_\_\_\_

2. Pangungusap # 2

- a. \_\_\_\_\_
- b. \_\_\_\_\_
- c. \_\_\_\_\_

3. Pangungusap # 3

- a. \_\_\_\_\_
- b. \_\_\_\_\_
- c. \_\_\_\_\_

4. Pangungusap # 4

- a. \_\_\_\_\_
- b. \_\_\_\_\_
- c. \_\_\_\_\_

5. Pangungusap #5

- a. \_\_\_\_\_
- b. \_\_\_\_\_
- c. \_\_\_\_\_

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga kasagutan na matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 42.



## Tandaan Natin

- ◆ Ang mga konklusyon ay nababase sa ginagawang pagmamasid o mga nalipong impormasyon. Ang paglikha ng mga konklusyon ay mahalaga dahil ito ang basehan kung papaano tayo kikilos.
- ◆ Maaari tayong makalikha ng maraming konklusyon mula sa isang pangungusap lamang. Upang malaman kung alin sa mga konklusyong ito ang pinaka-wasto, nararapat lamang na magtanong sa mga may kinalaman ng sitwasyon. At dahil sa ito ay hindi karaniwang magagawa, kinakailangan nating maging maingat sa ating paglikha ng mga konklusyon at pagpili kung alin dito ang dapat paniwalaan.
- ◆ Ang hula ay isang konklusyong nilikha para maihayag ang mga susunod na pangyayari. Ito ay karaniwang nababase sa karanasan at kaalaman ng isang tao.

## Kasunduan o Kasalungatan: Paggawa ng Desisyon

Naranasan mo na bang marinig ang isang kapisasong impormasyon at pagkatapos ay sasabihin mo sa iyong sarili ang mga katagang, “Pareho/iba ito sa mga sinabi ng ibang tao?” O naranasan mo na bang mapayuhan ng ibang tao? Hindi ba’t maaari mong tanggapin ang kanilang payo o hindi. Kung naranasan mo na ang mga ito, marahil ay alam mo na kung tungkol saan ang araling ito.

Ang huling kakayahan ng masuring pakikinig ay ang pagtanggap at di-pagtanggap ng mga impormasyong marinig. Ang isang masuring taga-pakinig ay naghahambing ng mga impormasyong kanyang naririnig sa kanyang personal na ideya. Ang kakayahang ito ang makatutulong sa iyong pagdedesisyon at kung papaano mo magagamit ang impormasyong iyong makukuha.

Pagkatapos ng araling ito, maaari mong:

- ◆ makita ang mga nagsasalungat na impormasyon; at
- ◆ maihambing at mapag-iba ang mga pagtatalo sa isang diskusyon.



### Subukan Natin Ito

A. Pakinggan ang *Tape Segment #20, Magagandang Komento Kay Mr. Santos.*

Ilagay sa inyong imahinasyon na ikaw ay babalik sa paaralan pagkatapos mong marinig na si Mr. Santos ang magiging guro mo. Nagtanong ka sa mga dati niyang estudyante ng mga bagay na tungkol sa kanya. Base sa kanilang mga sinabi, ano ang iyong impresyon kay Mr. Santos? Nais mo ba siyang maging guro?

---

---

---

---



B. Ngayon naman, pakinggan mo ang *Tape Segment #21, Masasamang Komento kay Mr. Santos*. Pagkatapos ay sagutan ang mga sumusunod.

1. Ano ang mga sinabi ng dating estudyante ni Mr. Santos tungkol sa kanya?

---

---

2. Ang impormasyong bang ito ay sumasalungat sa mga narinig mo tungkol sa kanya kanina?

---

---

Ihambing ang iyong mga sagot sa aking mga sumusunod na kasagutan.

Ang mga sinabi ng mga estudyante tungkol kay Mr. Santos ay nagsasalungat.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Ang mga pangungusap sa nakaraang gawain ay nagsasalungat. Dapat mong malaman kung alin dito ang iyong paniniwalaan. Hindi ka man makagagawa ng direktang pagmamasid ngunit, maaari kang makakuha ng mga mapagkakatiwalaang salaysay. Ang paggawa ng direktang pagmamasid ay hindi posible sapagka't magiging estudyante ka lamang ni Mr. Santos kapag nag-umpisa na ang klase.

Para ma-desisyunan mo kung kanino ka maniniwala, nararapat na lang na magtanong ka sa mga estudyante at mapag-aralan ang mga dahilan nila sa likod ng kanilang mga sinasabi.

Maaari ka rin namang magtanong pa sa ibang datihang estudyante. Pagkatapos ay maaari ka nang gumawa ng isang buod o *summary* ng iyong mga namasid.

Mr. Santos		
	Ini-rerekomenda	Hindi Ini-rerekomenda
Pinagmulan # 1		
Pinagmulan # 2		
Pinagmulan # 3		
Pinagmulan # 4		



## Makinig Tayo

Pakinggan ang *Tape Segment #22* at *#23* nang magkasunod. Pagkatapos ay ituloy ang pagbabasa.

Papaano mo masasabing ang isang impormasyon ay sumasalungat o hindi? Unang-una, nararapat na gumawa ng balangkas o outline ng bawat kapirasong impormasyon na magsasaad ng paksa, pangunahing ideya, at mga sumusuportang detalye. Ang **paksa** ay tumutukoy sa kung ano ang pinag-uusapan. Ang **pangunahing ideya** naman ay ang tema ng impormasyon. Ang mga **sumusuportang detalye** ay mga dagdag na impormasyon na sumusuporta sa pangunahing ideya.

Maaari mo nang maihambing ang mga impormasyon sa pamamagitan ng paglista ng kanilang pagkakaiba at pagkakahalintulad. Ang kanilang pagkakahalintulad ay maaaring maging punto ng kanilang pinagkasunduan at ang kanilang mga pagkaka-iba ay ang mga punto ng kanilang pinagkasalungatan.

Sabihin mo ngayon kung mas marami silang pinagka-iba. Subukan ito. Punuan ang mga sumusunod.

	Unang Pangungusap	Pangalawang Pangungusap
Paksa		
Pangunahing ideya		
Sumusuportang ideya		
Nagsasalungat na ideya		

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sumusunod na kasagutan.

	Unang Pangungusap	Pangalawang Pangungusap
Paksa	Ang aking paaralan	Ang aking paaralan
Pangunahing ideya	Mahal ko ang aking paaralan.	Magaling ang aming paaralan.
Sumusuportang ideya	Ang mga tao dito ay palakaibigan at mababait.	Ang mga tao dito ay palakaibigan at matulungin.
Nagsasalungat na ideya	Ang matrikula dito ay mahal.	Abot-kaya ang matrikula dito.

Ang dalawang pangungusap ay nagkakasundo sa inihayag na paksa, pangunahing ideya at karamihan ng mga sumusuportang ideya. Gayun pa man, may isang ideya ang nagsasalungat. Ito ay tumutukoy sa matrikula.

Kung ako ngayon ay mamimili ng paaralang aking papasukan, pipiliin ko ang pangalawang paaralan sapagka't nag-aangkin naman ito ng mga magagandang katangian katulad ng naunang paaralan at higit sa lahat ay abot-kaya naman ang presyo ng matrikula doon.



## Alamin Natin ang Iyong Mga Natutuhan

Pakinggan ang *Tape Segment # 24* at *# 25*. Ilagay sa iyong imahinasyon ang mga tagpuang mababanggit. Pagkatapos ay sagutan ang mga sumusunod.

Timbangin ang halaga ng bawat impormasyon sa pamamagitan ng paghanap sa paksa, pangunahing ideya at ng mga sumusuportang ideya. Ihambing ito sa isa't isa. Pagkatapos ay magdesisyon kung sila ay nagkakasundo o nagsasalungat sa isa't isa.

Aling pangungusap ang paniniwalaan mo? Bakit?

---

---

Ihambing ang iyong sagot sa mga kasagutang matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto sa* pahina 42.



## Tandaan Natin

- ◆ Ang mga pira-pirasong sinasalitang impormasyon ay maaaring magkasundo o magkasalungat sa isa't isa. Ang isang mapanuri at matalinong taga-pakinig ay tumitimbang ng mga impormasyon sa pamamagitan ng pagsuri ng paksa, pangunahing ideya, at mga sumusuportang ideya ng mga pangungusap.
- ◆ Mahalaga ang pagsuri sa mga umaangat na punto sa bawat pagtatalo. Ang pagsusuring ito ay makatutulong sa iyong pagdedesisyon.
- ◆ Ang pinakamagandang paraan ng pagkumpirma ng impormasyon lalo na kung ito ay sumasalungat sa iba pang impormasyon, ay sa pamamagitan ng direktang pagmamasid. Kung ito naman ay hindi posible, maaari kang magtanong o maghanap ng mga mapagkakatiwalaang salaysay, o pagsuri ng mga sumusuportang di-pinagkakasunduan ng mga pangungusap.
- ◆ Kung mas maraming tao ang sumusuporta sa isang argumento, mas mapagkakatiwalaan mo ang mga ganitong impormasyon. Kadalasan, ito ang tama.

Ito na ang katapusan ng ating modyul! Binabati ka namin sa pagtatapos mo. Nagustuhan mo ba? May natutuhan ka ba na magiging kapaki-pakinabang sa iyo? Ang mga sumusunod ay buod ng iyong mga napag-aralan upang lalo mo itong matandaan.



## Ibuod Natin

Sinasabi sa modyul na ito na:

- ◆ Ang ibig sabihin ng matalinong pakikinig ay ang pagkakaroon ng kakayahang umintindi, gumunita at gumamit ng mga sinalitang impormasyon na maririnig.
- ◆ Kung kinakailangang makiusap sa isang mamamahayag na ulitin ang kanyang mga sinabi, ito’y maaaring gawin ngunit iwasan ang paulit-ulit na pakiusap.
- ◆ Ang pagiging wasto ay tumutukoy sa pagiging tama ng sinasalitang impormasyon. Samantala, ang pagiging sapat naman ng mga impormasyon ay tumutukoy sa pagiging kumpleto nito. Ang pagiging makabulahan naman ay tumutukoy sa mga impormasyong kapaki-pakinabang at mahalaga.
- ◆ Ang makatotohanang impormasyon ay base sa mga pangunahing impormasyon o sa makapagkakatiwalaang pinagmulan. Samantala, ang isang opinyon ay hindi kinakailangang magkaroon ng mapagkakatiwalaang impormasyon na susuporta dito.
- ◆ Upang malaman kung makatotohanan ang isang sinasalitang impormasyon, mahalaga ang gagawing pagsuri sa pamamagitan ng direktang pagmamasid, paglipon ng mga mapagkakatiwalaang salaysay o paghanap ng mga suportang lohikal.
- ◆ Ang mga di-suportadong konklusyon o kalabisan ay walang binabasehang impormasyon na maaaring makagulo sa mga taga-pakinig at mambabasa.
- ◆ Ang konklusyon ay base sa sinasalitang impormasyon na lohikal.
- ◆ Ang mga konklusyon ay base sa mga gagawing pagmamasid o mga nilipong impormasyon.
- ◆ Maaari tayong makalikha ng maraming konklusyon mula sa isang pangungusap.
- ◆ Ang hula ay konklusyong nilikha tungkol sa isang bagay na mangyayari pa lamang.
- ◆ Ang mga kapisang sinalitang impormasyon ay maaaring magkasalungat o magkasundo sa isa’t isa.
- ◆ Ang pagsuri sa mga umaangat na punto ng bawat pagtatalo ay mahalaga lalo na kung nais mong makapag-desisyon nang tama.
- ◆ Ang pinakamagandang paraan ng pagkumpirma kung wasto ang sinasalitang impormasyon ay sa pamamagitan ng pagtatanong sa taong may kinalaman sa sitwasyon.
- ◆ Kung mas maraming tao ang sumusuporta sa pagtatalo, mas lalong mapagkakatiwalaan ang pagtatalong ito.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

A. Maingat na pakinggan ang *Tape Segment #26, Ang Edukasyon ay Isang Pribiliheyo*. Pagkatapos, sagutan ang mga sumusunod na tanong.

1. Tungkol saan ang seleksyon?

---

---

2. Makatotohanan ba ang seleksyon o ito'y gawa-gawa lamang?

---

---

3. Bakit ganito ang iyong naisip?

---

---

4. Ano ang pangunahing ideya ng seleksyon?

---

---

5. Ano ang mga sumusuportang ideyang naibigay sa seleksyon?

---

---

6. Anong konklusyon ang iyong malilikha na tungkol sa seleksyon?

---

---

B. Pakinggan ang *Tape Segment #27, Pagsasanay Sa Kakayahan Bilang Alternatibo*. Pagkatapos, sagutan ang mga sumusunod na tanong.

1. Tungkol saan ang seleksyon?

---

---

2. Makatotohanan ba ang seleksyon o ito'y gawa-gawa lamang?

---

---

3. Bakit ganito ang iyong naisip?

---

---

4. Ano ang pangunahing ideya nito?

---

---

5. Ano ang mga sumusuportang ideyang naibigay sa seleksyon?

---

---

6. Anong konklusyon ang iyong malilikha na tungkol sa seleksyon?

---

---

7. Ang mga seleksyon ba ay nagsasalungat o nagkakasundo? Bakit ganito ang iyong naisip?

---

---

	<b>Unang Pangungusap</b>	<b>Pangalawang Pangungusap</b>
Paksa		
Pangunahing ideya		
Sumusuportang ideya		
Nagsasalungat na ideya		

8. Base sa iyong buod, alin sa mga seleksyon ang mas kapani-paniwala? Isulat ang iyong susunod na ikikilos.

---

---

Ihambing ang iyong sagot sa mga kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 43. Kamusta ang iyong mga sagot?



## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? (pp. 3–6)

- A.
1. Ang bahay ni Lolo.
  2. Ito ay matatagpuan sa San Pablo, Laguna.
  3. Ang bahay ay may dalawang palapag at matatagpuan ito sa San Pablo, Laguna. Mayroon itong apat na kuwarto at sa bawat kuwarto ay may lumang-lumang kama na may apat na haligi. Naalala ng mamamahayag ang panahon ng mga Kastila.
- B.
1. Ang bahay ni Lolo.
  2. Kinagigiliwan ng mamamahayag ang pag-uwi sa bahay ng kanyang Lolo.
  3.
    - a. Ang bahay ay may dalawang palapag na malapit sa simbahan ng San Pablo, Laguna.
    - b. Nais ng ating mamamahayag na magpunta doon tuwing Sabado o Linggo upang makapagpahinga at makalimot sa mga ingay ng siyudad.
    - c. Mayroon itong apat na kwarto. At sa bawat kwarto, mayroong lumang-lumang kama na may apat na haligi.
    - d. Ang bahay kahit na medyo matanda at may mga sira, ay nakatayo pa rin nang maayos.
    - e. Naalala tuloy ng mamamahayag ang panahon ng mga Kastila.
- C.
1. Hindi.
  2. Dahil ang patalastas o anunsiyo ay nagagawang mali o labis ang mga sinasabi nila tungkol sa kanilang produkto.
  3. Ito ay base sa opinyon.
  4. Dahil ayon sa anunsiyo o patalastas, ang produkto ay maaaring makagawa ng mga imposible katulad ng pagpapaputi ng mga damit na maihalintulad sa snow. Kung sabagay, ang impormasyon ay hindi nababase sa isang pag-aaral o suportado ng mapagkakatiwalaang pinagmulan.

- D. 1. a. Kailangan kong linisin ang aking silid.  
 b. Baka kinakailangan niyang manatili sa aking silid.  
 c. Kailangan kong panatiliing malinis at maayos ang bahay.
2. Baka magalit si Tiyo Caloy at maaari akong sigawan kapag nakita niyang magulo ang aking silid.
3. Ang sagot dito ay depende sa iyong edad.
4. Hindi. Kailangan ko ang kumpletong *address* para mahanap ko ang bahay.
5. Ang sagot dito ay depende kung kailangan mo ang pampatubo ng buhok o hindi.
6. Hindi. Ang isang 6 na anyos na babae ay masyado pang bata para mabuntis.
- E. 1. Makatotohanang impormasyon—Galing ito sa isang magpagkakatiwalaang pinagmulan.
2. Opinyon o kurukuro—Walang sino man ang makakapagsabi ng panahon.
3. Makatotohanang impormasyon—Ang mga inuulat na balita ay karaniwang kumukuha ng impormasyon sa mga direktang pinagmulan.
4. Opinyon o kurukuro—Ito’y hula lang naman ng namamahayag.

## **B. Aralin 1**

*Makinig Tayo (pahina 8)*

1. Dahil si Mrs. Cruz ang magiging *class’ substitute*.
2. Ingles ang kanyang ituturo.
3. Oo. Sila sina Clara at Janus Cruz.
4. Nag-aaral sila sa parehong paaralan.
5. Tuturuan niya ang klase sa loob ng dalawang linggo hanggang sa bumalik si Mr. Jose mula sa probinsiya.



*Subukan Natin Ito (pahina 9)*

1. Ito ay tungkol sa birthday party ni Anna Perez.
2. Ito ay magaganap sa Hulyo 24, 2001, 4:00 p.m. sa pamamahay ni Anna sa Langka Street.
3. Sa pamamagitan ng pagsunod sa guhit na nagsasaad ng direksiyon papunta sa bahay.
4. Dapat kang magsuot ng mga dinadamit ng cowboy/cowgirl o Indian.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 11)*

1. Ito ay tungkol sa bagyo, nagngangalang Rosing.
2. Ang namamahayag sa radyo.
3. Pinayuhan ang mga taong nakatira malapit sa tabing-dagat o pampang o sa mga naninirahan sa mga mababang lugar na lumipat sa mas ligtas na lugar kung sakaling babaha. Pinayuhan din sila na mag-imbak ng mga malinis na iinumang tubig.
4. Oo. Ito ay wasto sapagka't ang payo ang nanggagaling sa mga eksperto ng PAGASA. Ang impormasyon ay sapat sapagka't ibinigay sa mga taga-pakinig ang lahat ng detalyeng kailangan nilang malaman. Makabuluhan din ang impormasyong ito sapagka't ito ay maaaring makaka-apekto sa mga taga-pakinig.

## **C. Aralin 2**

*Subukan Natin Ito (pp. 20–21)*

- A. Bilugan ang mga numerong 1 hanggang 3 at lagyan ng linya ang mga numerong 4 hanggang 6.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 23)*

2. Ang pangungusap na ito ay makatotohanan. Ito ay base sa direktang pagmamasid.
3. Ang pangungusap na ito ay maaaring makatotohanan ngunit hindi makatuwiran. Posibleng ang guro ay hindi parating nahuhuli.
4. Ang pangungusap na ito ay maaaring makatotohanan o makatuwiran. Ang isang taong gustong magpari ay maaaring may ibang motibo bukod sa pagsisilbi sa simbahan.
5. Ang pangungusap na ito ay maaaring makatotohanan ngunit hindi makatuwiran. May mga pamilyang kayang magkaroon ng maraming anak.

## D. Aralin 3

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 30)*

1. Hindi ko gusto ang matematika.
  - a. Wala akong masamang karanasan sa aking dating guro sa matematika.
  - b. Hindi ako masyadong nag-aaral.
  - c. Mababa ang grado na nakukuha sa mga pagsusulit sa matematika.
2. Matalik na kaibigan ko si Arturo.
  - a. Pareho kami ng interes.
  - b. Matagal na naming kilala ang isa't isa.
  - c. Nagmamalaskit siya sa akin bilang isang kaibigan.
3. Parating nahuhuli ang aking guro.
  - a. Mahuhuli na naman siya sa klase bukas.
  - b. Puwede kaming mahuli sa klase.
  - c. Ang kanyang tirahan ay malayo sa paaralan.
4. Ang aming prinsipal sa paaralan ay namamahagi ng kanyang sinusuweldo sa kawang-gawa.
  - a. Ang prinsipal ay isang mabait at mapag-kawang-gawang tao.
  - b. Malaki siguro ang kanyang kinikita.
  - c. Madaling siyang mautangan.
5. Ang mataas na paaralan ng distrito ay nanalo ng *national award* para sa kalinisan.
  - a. Ang mataas na paaralan ng distrito ay napakalinis.
  - b. Mayroon itong mahigpit na alituntunin sa kalinisan.
  - c. Ang mga mag-aaral sa paaralang iyon ay malinis at maayos din.

## E. Aralin 4

*Alamin Natin ang Iyong Natutuhan (pahina 35)*

Mas naniniwala ako sa unang pangungusap sapagka't umaayon ako na ang kasal ay hindi para sa mga nakababatang mag-asawa. Upang magtagumpay ang isang kasal, ang babae at lalaki ay kinakailangang mag-sakripisyo. Dahil sa wala pa sa hustong gulang at pag-iisip ang mga nakababata, ang kanilang kasal ay kadalasang hindi nagtatagumpay.

**F. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?** (pp. 37–38)

- A.
1. Ito ay tungkol sa mga estudyanteng masusuwerte dahil sila ay nakapag-aaral.
  2. Ito ay makatotohanan.
  3. Dahil may maganda at lohikal na suporta ang seleksyon.
  4. Ang pagiging isang estudyante ay isang pribiliheyo.
  5.
    - a. Sa Pilipinas, dalawa sa sampung tao ang nakakatapos sa kolehiyo.
    - b. Ang presyo ng pang-matrikula ay patuloy na tumataas.
    - c. Kung ikaw ay nakapag-aaral, ang ibig sabihin nito ay suportado ka ng pamilya mo.
  6. Kailangang mag-aaral akong mabuti upang magamit ko ang pribiliheyong makapag-aral dahil hindi lahat ng tao ay nabibigyan ng ganitong pagkakataon.
- B.
1. Sinasabi sa atin na maaari tayong dumaan sa isang alternative skills training kung hindi natin ninais na pumasok sa paaralan.
  2. Ito ay makatotohanan.
  3. Dahil ito ay may katuwiran at lohikal na suporta.
  4. Ang pagsasanay ng kakayahan ng isang tao ay naghahandog ng mga oportunidad kaysa sa pormal na pagpasok sa paaralan.
  5.
    - a. Ang kakayahan ng isang taong maibigay ang pangangailgan ng industriya ay mas mahalaga kaysa sa pagdaan sa isang pormal na edukasyon.
    - b. Ang pagsasanay ng kakayahan ay naghahanda sa isang tao para sa isang gawain.
    - c. Ang pagsasanay ng kakayahan ay nagbibigay ng mas maraming oportunidad at dahilan para sa mas mataas na sahod.
  6.
    - a. Dapat kong kilalanin ang pagsasanay ng kakayahan bilang alternatibo sa pormal na pagpasok sa paaralan.
    - b. Marami pa ring oportunidad ang naghahintay sa mga tao, kahit ito ay hindi nakatapos.
  7. Kahit papaano ay nagkasundo ang dalawang seleksyon. Pareho nilang pinag-uusapan ang kahalagahan ng isang magandang edukasyon.
  8. Ang sagot dito ay dumidepende sa opinyon mo.



## Mga Sanggunian

Fulghum, R. *All I Really Need to Know I Learned in Kindergarten*. U.S.A.: Ivy Books, 1988.

Greene, Bob. "Words That Changed My Life." *Chicago Tribune*. U.S.A.: Tribune Media Services, 1997.

Maker, Janet and M. Leinier. *Academic Reading With Active Critical Thinking*. U.S.A.: Wadworth Publishing Company, 1995.

Milan, D. *Developing Reading Skills*. 3<sup>rd</sup> ed. U.S.A.: McGraw-Hill, 1991.

Rubin, D. *The Vital Arts—Reading and Writing*. U.S.A.: MacMillan Publishing, Inc., 1979.



## Mga Karagdagan

Mga Tauhan:     Taga-salaysay, babae  
                      Broadkaster, lalaki  
                      Sandra Ledesma, modelo, 20-anyos  
                      Ama, 40-anyos  
                      Kelly, kaklase, 25-anyos  
                      Mang Jose, 37-anyos  
                      Aling Maria, 35-anyos  
                      Paolo, 12-anyos

**Taga-salaysay:** Ang komunikasyon ay hindi nagiging matagumpay sapagka't ang mga tao ay hindi marunong makinig sa isa't isa. Halos lahat ay gustong magsalita at hindi nagbibigay ng oras para makinig. Ang pakikinig ay isang kakayahang makarinig at maintindihan ang sinasabi ng ibang tao. Sangkot nito ang bokabularyo ng mamamahayag at ang pagkuha ng mensahe ng mamamahayag.

Mayroong mga iba't ibang antas ang pakikinig at kasama nito ang masuri at matalinong pakikinig. Dito, ang taga-pakinig ay hindi lamang ninais na mapakinggan ang mga sagot sa tanong. Sinisikap din niyang timbangin ang kahalagahan ng mga sagot.

Sa modyul na ito, matutuklasan mo na ang pakikinig ay hindi isang di-palakibong gawain. Malalaman mo rin na mas mahirap makinig kaysa sa magsalita. Sa pakikinig, kinakailangan ang iyong pagtutok o atensiyon upang maintindihan mo ang sinasabi ng namamahayag.

Kaya't maging isang matalinong taga-pakinig at suriin ang mga *passages* sa *tape*. Sigurado akong pagkatapos mo mapag-aralan ang modyul na ito at mapakinggan ang kasamang *tape*, magiging isa kang mahusay na taga-pakinig.

### **Titulo: Tape Segment #1, Ang Bahay ng Lolo ko**

**Taga-salaysay:** Makinig nang mabuti sa ibabahagi kong itsura ng bahay ng Lolo ko. Sikaping ilagay ito sa iyong imahinasyon o makita sa inyong pag-iisip ang bahay na ikukuwento ko. Siguraduhing maiintindihan at maaalala mo ang mga detalye.

Musika

**Taga-salaysay:** Ang bahay ng Lolo ko ay may dalawang palapag na matatagpuan malapit sa simbahan ng San Pablo, Laguna. Kinagigiliwan ko ang pumunta doon tuwing Sabado at Linggo para makapagpahinga at makalimot sa ingay ng siyudad. Mayroon itong apat na kuwarto. At sa bawat kuwarto, ay mayroong mga lumang kama na may apat na haligi. Ito ay namana ng aking Lolo sa kanyang ama. Ang bahay, kahit na luma at medyo sira-sira ay nakatatayo pa rin nang maayos. Naaalala ko tuloy ang mga panahon kung saan ang mga kastilang pari ay naglalakad at mga mahihinhing kababaihan na naka-Maria Clara ay naka-upo sa may bintana upang magmasid sa mga *carosas* at sa mga tao sa ibaba.

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

### **Titulo: Tape Segment #2, Bumili ng Mariposa Laundry Bar**

**Taga-salaysay:** Pakinggan ang anunsiyo o patalastas ng Mariposa Laundry Bar.

Musika

**Taga-salaysay:** Malilinis ba ang iyong mga nilabhan? Kasing puti ba ng *snow* ang inyong mga pananamit? Kung hindi, dapat kang bumili ng Mariposa Laundry Bar, ang pinakabagong sabong panlaba ngayon. Ito ang pinakamagaling na sabong panlabang naimbento! Kaya ng Mariposa Laundry Bar na paputiin ang inyong mga damit na singputi ng *fresh snow*! Ang Mariposa Laundry Bar ay may *triple-clean*, ang bagong detergent formula na nagpapahigit sa galing ng ibang sabong panlaba. Para ka nang naglaba ng tatlong beses sa kalinisang idudulot nito. Ano pa ang iyong hinihintay? Subukan mo ito ngayon!

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

**Titulo: Tape Segment #3, Ang Pagdating ni Tiyo Caloy**

**Taga-salaysay:** Maingat na pakinggan ang sumusunod na istorya.

Musika

**Taga-salaysay:** Ang Tiyo Caloy mo, kapatid ng iyong ama, ay darating sa susunod na Linggo upang manatili sa inyo ng mga ilang araw. Siya ay isang taong metikoloso pagdating sa kalinisan. Kilala siya bilang mapagmasid sa lahat nang makita nito sa loob ng bahay upang masiguro niyang malinis at maayos ito.

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

**Titulo: Tape Segment #4, Makatotohanan Ba o Isang Opinyon Lamang?**

**Taga-salaysay:** Pagkatapos ng nakaraang gawain, maingat na makinig sa apat na pangungusap na aking sasabihin. Pagkatapos ng bawat pangungusap, ihinto ang *cassette player* pagkatapos mong marinig ang tunog na *beep*. Isulat sa inyong modyul kung ang bawat pangungusap ay makatotohanan o isang opinyon lamang. Isulat rin ang iyong dahilan kung bakit ganito ang iyong naisip. Handa ka na ba? Umpisahan na natin.

Musika

**Taga-salaysay:**

1. Tinawagan ako ng nanay ni Joey upang sabihing hindi ito makapapasok sa klase ngayon dahil siya ay maysakit.

Beep

2. Sa tingin ko, uulan ngayong hapon.

Beep

3. Ipinaalam sa TV na walang pasok bukas.

Beep

4. Hindi siya magiging isang mahusay na presidente ng klase. Ito ang masasabi ko.

Beep

**Titulo: Tape Segment #5, Ito si Gng. Cruz**

**Taga-salaysay:** Pakinggan kung papaano ipinakilala si Gng. Teresita Cruz sa kanyang klase.

Musika

**Taga-salaysay:** Magandang umaga sa inyong lahat. Nais kung ipakilala sa inyo si Ginang Teresita Cruz, ang humahaliling guro sa Ingles. Siya ang magiging guro niyo sa Ingles habang si Ginoong Jose ay nagpapahinga. Makakasama natin si Ginang Cruz sa loob ng dalawang linggo hanggang sa bumalik si Ginoong Jose mula sa probinsiya.

Si Ginang Cruz ay ang ina ng inyong kaklaseng sina Clara at Janus Cruz. Siya'y ating salubungin at magpakabuti kayo habang siya'y nagtuturo. Maraming salamat.

**Klase:** Magandang umaga, Ginang Cruz.

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

**Titulo: Tape Segment #6, Dumalo sa Handaan ni Anna**

**Taga-salaysay:** Maingat na pakinggan ang sumusunod at tandaan ang mga ihahayag na detalye. Pagkatapos ng iyong pakikinig, sagutan ang mga sumusunod na katanungan sa modyul.

Musika

**Taga-salaysay:** Kayo ay iniimbitahang dumalo sa kaarawan ni Anna Perez sa Hulyo 24, 2001, bandang alas-4 ng hapon. Maaari kayong tumuloy sa handaan pagkatapos ng inyong klase. Ang handaan ay gaganapin sa kanyang bahay sa Langka Street. Ako ay maglalagay mamaya ng iginuhit na lokasyon papunta sa kanyang bahay.

Ang handaan ay may temang *Western*. Dumalo sa handaan na naka-*cowboy*, *cowgirl*, o *Indian* na pangkasuotan. Maraming pagkain at laro ang maghihintay sa inyo sa handaang ito. Dumalo kayo!

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

*Titulo: Tape Segment #7, Anunsiyo*

Musika

**Taga-salaysay:** Isang anunsiyo!

Magkakaroon ng pagtitipon ang glee club sa Hulyo 25, 2001, Huwebes. Gaganapin ito sa *cafeteria* ng ating paaralan. Lahat ng miyembro ng glee club ay kinakailangang dumalo!

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

***Titulo: Tape Segment #8, Isang Mabilisang Pag-uulat***

Musika

**Brodkaster:** Naglabas ng pampublikong payo ang *Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA)*. Maghanda sa pagdating ng bagyong si Rosing. Ito ay inaasahang dumating bukas ng mga 9:00 ng umaga. Ang bagyo ay unang namataan 12 oras kanina, malapit sa *South China Sea*. Ang bagyong si Rosing ay may lakas na 200 kilometrong kada ora. Ang *typhoon signal no. 2* ay nakataas na sa buong rehiyon ng Tagalog.

Lahat ay pinapayuhang mag-imbak ng pagkain at malinis na iinumang tubig. Sa mga mamamayan nating naninirahan malapit sa mabaybayin at mababang lugar ay pinapayuhang lumipat sa mas mataas na lugar. May posibilidad na magkakaroon ng *tidal wave* at mataas na pagbaha sa pagdating dito ng bagyo.

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.



**Titulo: Tape Segment #9, Subukan Itong Magic Pill—Ang Pinakabagong Produktong Pampapayat**

**Taga-salaysay:** Makinig sa mga sumusunod na anunsiyo.

Musika

**Sandra Ledesma:** Ikaw ba’y sobrang bigat? Nababahala ka ba sa laki ng sukat ng iyong baywang? May pag-asa ka pa! Ang naghihimalang produktong pampapayat ay nandito na. Ang Magic Pill ay garantisadong makatutulong sa mabilis na pagbabawas ng timbang kahit ika’y hindi nag-e-ehersisyo. Maaaring maging balingkinitan ang iyong pangangatawan katulad ng iyong ipinapangarap nang walang pagbabawas ng kinakain at pag-e-ehersisyo araw-araw. Subukan ang Magic Pill na ito at makakamtan mo ang pangangatawang iyong ninanais. Garantisado ito! Subukan ito ngayon at mamaalam sa sobrang timbang.

Magic Pill, ang naghihimalang gamot na pampapayat!

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

**Titulo: Tape Segment # 10, Ang Pagtaas ng Pamasaha sa Jeep**

Musika

**Brodkaster:** Inanunsiyo ng Land Transportation and Franchising Regulatory Board (LTFRB) kahapon, sa pamamagitan ng payo ng Energy Regulatory Board (ERB), na ang pamasaha sa mga pampasaherong *jeep* ay itataas mula P3.00 hanggang P4.00. Ang bagong pagtaas nito ay resulta ng pagtaas rin ng gasolina sa world market. Pinapayuhan ang publiko na maki-ayon sa bagong presyo ng pamasaha.

Ngayon, balikan natin ang ating regular na programa.

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

**Titulo: Tape Segment # 11, Ang Isang Movie Star Pinaghinalaang Drug Addict, Hindi Nakadalo sa Movie Taping**

Musika

**Brodkaster:** Si Ms. Joy Reyes, isa sa mga pinakakilalang *movie star*, ay bigo sa pagdalo sa kanyang regular na *shooting schedule* para sa kanyang pelikulang *Sindak*. Pangatlong beses na itong hindi nakadalo ang sexy na aktres sa shooting. Hindi kaya totoo ang tsismis? Ang balita ay sangkot si Ms. Joy Reyes sa paggamit ng droga. Pumayat nang husto ang kanyang pangangatawan at kadalasang hindi maganda ang kanyang *mood*.

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

**Titulo: Tape Segment # 12, Mga Pagsabog sa Metro Manila**

**Taga-salaysay:** Maingat na makinig sa mga sumusunod na mabilisang pag-uulat. Maaari mo itong pakinggan ang ilang ulit upang matapos mo ang gawain sa modyul.

Musika

**Brodkaster:** Kahapon, tatlong malalakas na pagsabog ang yumanig sa kapital ng bansa. Ang mga pagsabog ay naganap sa mga pampublikong lugar tulad ng LRT, pampubliko pasyalan o park, at sa isang nakahintong bus. Marami ang nangamatay sa pagsabog samantalang marami rin ang nasugatan. Nag-iimbestiga pa rin ang mga militar sa mga pagsabog na ito. Walang pag-aaming naganap mula sa mga rebeldeng grupo, tungkol sa mga pagsabog. Pinapayuhan ang publiko na mag-ingat nang mabuti.

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

**Titulo: Tape Segment # 13, Gawin Natin Ito**

**Taga-salaysay:** Makinig sa limang pangungusap. Itigil ang *tape* sa tuwing maririnig mo ang tunog na *beep*. Balikan ang iyong modyul at sagutan ang mga sumusunod na gawain. Handa ka na ba? Umpisahan na natin.

Musika

1. Lahat ng Pilipino ay mahusay na mang-aawit. Ako ay Pilipino. Mahusay akong mang-aawit.

beep

2. Sobra ang aking timbang. Tinimbang ko ang aking sarili at nalaman kong 20 lbs. ang sobra ng aking bigat.  
beep
3. Laging huli sa klase ang guro ko. Mahuhuli na naman siya bukas.  
beep
4. Narinig ko na nais ni Nonoy maging pari. Ang ibig sabihin nito ay gusto niyang magsilbi sa simbihan.  
beep
5. Maraming anak ang mag-asawa. Marami siguro silang problema sa pag-aalaga sa mga ito.  
beep

**Titulo: Tape Segment # 14, Ang Payo ng Ama**

**Taga-salaysay:** Makinig nang mabuti sa mga sumusunod.

Musika

**Ama:** Alam mo, ang kumpanyang pinapasukan ko ay nag-anunsiyong naghihirap ito dahil sa mga pagkalugi dulot ng pagtaas ng presyo ng gasolina. Nangangamba ako na kailangan nilang magbawas ng tao sa trabaho o sapilitang magpaalis ng mga empleyado. Tatlong buwan pa lamang akong nananatili sa kumpanya. Pakiramdam ko’y pananatilihin lamang nila ang mga empleyadong matatagal nang nagsisilbi sa kanila.

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

**Titulo: Tape Segment # 15, Binabati Kita!**

**Taga-salaysay:** Maingat na makinig sa mga sumusunod.

Musika

**Kelly:** Binabati kita! Sigurado akong magiging isa kang mahusay na presidente ng klase.

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

**Titulo: Tape Segment # 16, Tag-Ulan**

**Taga-salaysay:** May panahong bang ang iyong hula ay nagkatotoo?

Pakinggan ang sumusunod na istorya tungkol sa isang situwasyong nahahalintulad nito.

Musika

**Taga-salaysay:** Pauwi na ako mula sa paaralan nang dumilim ang langit at naging maulap. Lumakas ang ihip ng hangin. Nakarinig ako ng mga pagkulog na palakas nang palakas. Binilisan ko ang aking paglalakad patungo sa aming bahay.

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

**Titulo: Tape Segment # 17, Drama sa Radyo**

**Taga-salaysay:** Maingat na makinig sa mga sumusunod na drama sa radyo.

Si Mang Jose at Aling Maria ay nagkakaroon ng pagtatalo.

Musika

**Mang Jose:** Wala ka nang ginawang magaling! Uuwi ako nang bahay para malamang wala akong makakain. Maghapon akong nagtrabaho sa bukid at ikaw naman, wala ka nang ginawa kung hindi ang maglaro ng mahjong kasama ang mga kapitbahay.

**Aling Maria:** Kung ititigil mo lamang ang iyong pag-inom, makakapagtago tayo ng perang pambili ng pagkain. Naglalaro lamang ako ng mahjong para magkaroon ng konting pera para sa atin.

**Mang Jose:** Pero, hindi ka naman parating nananalò. Mas madalas ka pa ngang matalo.

**Aling Maria:** Ano ba ang punto mo? Mas marami ka pa ngang ginagastos sa pagbili mo ng beer at sa pakikipag-inuman mo sa iyong mga kaibigan, kaysa sa perang natatalo ko sa paglalaro ng mahjong.

**Mang Jose:** Hoy, sa tingin mo ba gusto ko itong klaseng buhay na ito? Puwes, hindi!

**Aling Maria:** Aba, ayoko din!

Ang musika ay lalakas at pagkatapos ay hihina.

**Taga-salaysay:** Ano sa tingin mo ang mangyayari sa istorya? Balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

**Titulo: Tape Segment # 18, Drama...Ipinagpatuloy**

**Taga-salaysay:** Balikan natin ang pagtatalo nina Mang Jose at Aling Maria. Pakinggan nang mabuti ang sumusunod upang malaman mo kung ano ang mangyayari.

Musika

**Paolo:** Nakiki-usap ako, itigil niyo na ang inyong pagtatalo, Nay, Tay!

**Mang Jose:** Huwag kang makialam dito, Paolo! Kailangan kong turuan ng leksyon ang iyong ina.

**Aling Maria:** Pumasok ka sa iyong silid, Paolo!

**Paolo:** Hindi ako aalis hangga't hindi kayo tumitigil sa inyong pagtatalo. Inay, Itay, hindi niyo ba alam na nasasaktan ako kapag nakikita ko kayong nagtatalo?

**Aling Maria:** Pero, kasalanan ito ng ama mo.

**Paolo:** Pareho kayong may pagkukulang. Itay, ginagamit niyo ang ating pera para sa inyong pag-inom. Inay, hindi rin po makatutulong ang paglalaro niyo ng mahjong. Hindi ako aalis hangga't hindi kayo nag-uusap nang mahinahon.

Musika

**Taga-salaysay:** Natigilan sina Mang Jose at Aling Maria sa kanilang narinig. Napag-isipan at naunawaan nila ang kanilang pagkakamali dahil sa mga salita ni Paolo.

Musika

**Aling Maria:** Humihingi kami ng paumanhin, Paolo. Hindi naming sinasadyang saktan ka. Magmula ngayon, sisikapin kong maging mabuting asawa at ina. Ipagpaumanhin mo, Jose.

**Mang Jose:** Ipagpaumanhin mo rin, Maria, anak. Naunawaan ko na ang aking mga pagkakamali. Babawi ako sa iyo at sa iyong ina.

Musika

**Taga-salaysay:** Tumama ba ang iyong hula? Huwag mag-alala. Ang hula mo ay maaaring maging tama o hindi pero, okay lang ito. Kung sabagay, hindi talaga natin masasabi kung ano ang mga mangyayari sa susunod.

Balikan mo na ngayon ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

**Titulo: Tape Segment # 19, Gawin Ito**

**Taga-salaysay:** Pakinggan ang aking mga pangungusap. Itigil ang tape kapag marinig mo ang tunog na beep. Pagkatapos ay balikan ang iyong modyul at tapusin ang iyong mga gawain.

Handa ka na ba? Umpisahan na natin.

Numero 1. Ayaw ko ng matematika.

Numero 1. Ayaw ko ng matematika.

beep

Numero 2. Si Arturo ay isang matalik kong kaibigan.

Numero 2. Si Arturo ay isang matalik kong kaibigan.

beep

Numero 3. Laging huli sa klase ang aking guro.

Numero 3. Laging huli sa klase ang aking guro.

beep

Numero 4. Ang prinsipal ng aming paaralan ay nagkaloob ng bahagi ng kanyang suweldo sa kawang-gawa.

Numero 4. Ang prinsipal ng aming paaralan ay nagkaloob ng bahagi ng kanyang suweldo sa kawang-gawa.

beep

Numero 5. Ang pinakamataas na paaralan sa distrito ay nanalo ng ***national award*** sa kalinisan.

Numero 5. Ang pinakamataas na paaralan sa distrito ay nanalo ng ***national award*** sa kalinisan.

beep

***Titulo: Tape Segment #20, Magagandang Komento Kay Mr. Santos***

***Taga-salaysay:*** Pakinggan ang mga sumusunod na komento.

Musika

***Taga-salaysay:*** Isang mabait na guro si Mr. Santos. Tinutulungan niya ako sa aking mga aralingambahay at nagbibigay siya ng matataas na grado. Sinisigurado ring niyang maiintindihan ko ang mga leksyon. Sana, maging guro ko pa rin siya muli.

Musika

***Taga-salaysay:*** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

***Titulo: Tape Segment #21, Masasamang Komento Kay Mr. Santos***

***Taga-salaysay:*** Kanina lang ay narinig mo ang magandang komento tungkol kay Mr. Santos at maaaring nakalikha ka na ng iyong konklusyon. Ngayon, makaririnig ka muli ng iba pang komento tungkol sa kanya.

Musika

***Taga-salaysay:*** Teribleng guro si Mr. Santos. Hindi niya ipinapasa sa wakasang pagsusulit ang higit pa sa kalahati ng kanyang klase. Hindi ko nga maintindihan kung bakit hindi siya marunong umintindi. Ang kanyang mga aralin ay napakahirap intindihin at lagi pa niyang inuulit ang kanyang mga leksyon kahit na napag-usapan na namin ang mga ito. Sana, hindi mo siya maging guro.

Musika

***Taga-salaysay:*** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

***Titulo: Tape Segment #22, Bakit Mahal Ko Ang Aking Paaralan-Version 1***

***Taga-salaysay:*** Kanina lamang ay narinig mo ang mga magagandang at masasamang komento kay Mr. Santos. Ihambing ang mga pangungusap na iyon sa pangungusap na ito.

Musika

***Taga-salaysay:*** Isang magandang karanasan ang pagpasok ko sa paaralang ito! Marami akong nakilalang bagong kklase at mga kaibigan. Mababait rin naman ang mga guro dito. Ang isa lamang problema ay ang mataas na bayad sa matrikula pero sulit naman yata ito.

Musika

**Titulo: Tape Segment #23, Bakit Mahal Ko Ang Aking Paaralan-Version 2**

**Taga-salaysay:** Ngayon naman, pakinggan mo ang *Version 2* ng *Bakit Mahal Ko Ang Aking Paaralan*.

Musika

**Taga-salaysay:** Kinagigiliwan kong mag-aral sa aking paaralan. Ang mga tao doon ay palakaibigan at matutulungin. Abot-kaya ang presyo ng matrikula dito. Inererekomenda ko ang paaralang ito sa mga kabataang katulad ko.

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

**Titulo: Tape Segment #24, Ang Pag-aasawa at ang Kabataan-Version 1**

**Taga-salaysay:** Pakinggan ang mga sumusunod na pangungusap tungkol sa maagang pag-aasawa.

Musika

**Taga-salaysay:** Ang pag-aasawa ay hindi para sa mga kabataan. Kadalasan ang mga pag-aasawang ganito ay hindi matagumpay dahil na rin sa pagiging isip-bata ng magkasuyo. Ang pagtagal ng isang relasyon ay nangangailangan ng pag-iintindi at pagsasakripisyo ng bawat magkasuyo. At ang mga kabataan ay hindi pa handa sa ganitong klaseng sitwasyon.

Musika

**Titulo: Tape Segment #25, Ang Pag-aasawa at ang Kabataan-Version 2**

**Taga-salaysay:** Ngayon naman, pakinggan mo ang iba pang pangungusap tungkol sa batang pag-aasawa. Ihambing ang *Version* na ito doon sa napakinggan mo kanina.

Musika

**Taga-salaysay:** Ang pag-aasawa ay hindi nababagay sa mga nakababata dahil sa kanilang pagiging isip-bata. Gayun pa man, may mga maagang pag-aasawa ang maaari rin namang magtagumpay basta't ang mag-asawa ay may pagnanais na magsakripisyo para sa isa't isa.

Musika

**Taga-salaysay:** Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.



**Titulo: Tape Segment #26, Ang Edukasyon ay Isang Pribiliheyo**

*Taga-salaysay:* Narating mo na ang pang-wakas na bahagi ng modyul na ito. Pakinggan nang mabuti ang *tape* at *segment* na ito.

Musika

*Taga-salaysay:* Ang pagiging isang estudyante ay isang pribiliheyo na hindi nakikita ng maraming tao. Sa Pilipinas, dalawa lamang sa sampung tao ang nakakapag-aral at nakakatapos sa kolehiyo. Ang halaga ng edukasyon ay patuloy na tumataas. Mas mahirap na ngayong makapagbayad ng pang-matrikula at mga iba pang gagastusin sa eskwela. Kung ikaw naman ay nakapapasok na, ang ibig sabihin nito ay ang iyong pamilya ay sumusuporta sa iyo. Hindi lahat ay mapalad. Kaya, mag-aral nang mabuti dahil ang edukasyon ay susi para sa mas magandang kinabukasan.

Musika

*Taga-salaysay:* Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito.

**Titulo: Tape Segment #27, Ang Pagsasanay ng Kakayahan ay Isang Alternatibo**

*Taga-salaysay:* Pakinggan nang mabuti ang mga sumusunod.

Musika

*Taga-salaysay:* Sa modernong panahong ito, ang pormal na edukasyon o pagpasok sa paaralan ay hindi na ganoong kahalaga ngayon. Ang mahalaga ay pagkakaroon ng kakayahang makayanan ang mga pangangailangan ng industriyalisasyon. Sa ganitong aspeto, ang mga kurso sa pagsasanay ng kakayahan ay mas nababagay. Sa pamamagitan ng pagsasanay ng kakayahan, ang isang tao ay tinuturuang maghanda para sa isang partikular na kalakalan. Ang ibig sabihin nito ay mas maraming pagkakataon para sa trabaho at mas magandang suweldo.

Musika

*Taga-salaysay:* Ngayon, balikan mo ang iyong modyul at sagutan ang mga katanungan dito. Binabati kita sa pagtapos ng iyong pag-aaral sa modyul na ito!